

Ang mga pasyente ng PeaceHealth (o mga kinatawan ng pasyente, kung naaangkop) ay may karapatan sa...

Dignidad, respeto at pag-unawa. *Kasama rito ang karapatan na:*

- Makakuha at tumanggap ng magalang na pagtrato nang hindi inaalintana ang edad, lahi, pinagmulan, relihiyon, kultura, wika, kapansanan, katayuan sa buhay, kasarian, sekswal na oryentasyon at pagkakakilanlan o ekspresyon ng kasarian;
- Medikal na pangangalaga na pinangangalagaan ang personal na dignidad at iginagalang ang personal na mga pamantayan, paniniwala at kagustuhan at tinutugunan ang sikolohikal, ispiritwal, sosyal at intelektwal na mga pangangailangan;
- Tumanggap ng pangangalaga sa isang ligtas na kapaligiran na itinuturing na ligtas ng isang makatwirang tao at nagbibigay ng proteksyon para sa emosyonal na kalusugan at pisikal na kaligtasan;
- Maging malaya mula sa lahat ng anyo ng pang-aabuso, kapabayaan o panggugulo (berbal, mental, pagpaparusa, pisikal at sekswal na pang-aabuso, pinansiyal, pananamantala at di-kinakailangan na mga pagbabawal at pagbubukod).

Kalidad na pangangalaga. *Kasama rito ang karapatan na:*

- Kumpletong impormasyon tungkol sa iyong dayagnosis, gamutan at prognosis na iprinisinta sa paraan na iyong inaasahang makatwirang maiintindihan, at lumahok sa pagpapaunlad at pagpapatupad ng iyong inpatient o outpatient na gamutan/plano sa pangangalaga;
- Matanggap ang lahat ng impormasyong kinakailangan para gumawa ng may-kabatirang mga pagpapasiya patungkol sa iyong pangangalaga, kasama ang buong pagsasalarawan ng gamutan o pamamaraan bago isinasalin ang pangangalaga maliban kung nasa emerhensiyang sitwasyon; ang inaasahang mga benepisyo, mga panganib at mga alternatibo sa gamutan, kasama ang alternatibo nang walang anumang gamutan, at ang paghiling o pagtanggap sa gamutan;
- Matanggap ang impormasyon tungkol sa pagpapaghinawa ng kirot ganun din ang mga alternatibong pagpipilian sa pagpapaghinawa ng kirot, kapag naaangkop para sa kondisyon na ginagamot;
- Matanggap ang impormasyon tungkol sa hindi inaasahang mga pangyayari at mga resulta ng pangangalaga;
- Matanggap ang naaangkop na pang-emerhensiyang medikal na pagsusuri, pagpapanatili na gamutan at, kung kinakailangan, mailipat sa isang mas mataas na antas ng pangangalaga pagkatapos na makatanggap ng isang pagpapaliwanag hinggil sa pangangailangan ng, at ang mga alternatibo sa, naturang paglilipat;
- Makakonsulta sa ibang manggagamot sa iyong kahilingan at gastos;
- Makahiling ng isang konsultasyon sa Komite ng Ethics ng pasilidad.

Kaligtasan. *Kasama rito ang karapatan na:*

- Magkaroon ng mga tagapag-alaga na malaya sa pagpapatunay na nagkasala sa korte ng batas ng pang-aabuso, pagpapabaya, pananamantala, maling paggamit ng ari-arian, o pagmamaltrato;
- Malaman na, para mapabuti ang kaligtasan ng pasyente, maaaring magsagawa ng pagmomonitor sa pamamagitan ng bidyo o awdio ang sa ilang kuwarto ng indibidwal na pasyente, mga lugar ng pangangalaga o mga komon na lugar.

Makabuluhang mga interaksyon at impormasyon. *Kasama rito ang karapatan na:*

- Matanggap ang makatwiran na akses sa tulong sa wika, na walang bayad;
- Matanggap ang mga komunikasyon sa mahahalagang impormasyon nang isinaalang-alang ang: Paningin, pananalita, pandinig, o kapansanan;
- Makapili ng isang tagasuportang tao para makalahok sa pagpapalano at pagpapasiya sa pangkalusugan nang hindi hinihingan na magbigay ng patunay ng isang legal na relasyon;
- Magkaroon ng isang manggagamot at miyembro ng pamilya, o ibang itinalagang taong makokontak, na aabisuhan kaagad kapag inadmit ka sa ospital;
- Makatanggap ng mga bisita na iyong itinalaga, kasama na, ngunit hindi limitado sa: Asawa, kinakasama, parehong kasarian na kinakasama, ibang miyembro ng pamilya, o isang kaibigan, at matanggal o tanggihan ang naturang pagtatalaga sa anumang oras;
- Mapayuhan at masabihan ng mga naaangkop na proyekto sa pananaliksik at makapili kung lalahok sa pananaliksik;
- Bilang isang benepisyaryo ng Medicare, makatanggap ng abiso ng hindi pagkakasakop at iyong mga karapatan para umapela sa maagang pagpapalabas;
- Asahan ang pagpapalano sa pagpapalabas para sa patuloy na mga pangangailangan sa pag-aalaga kasunod ng pagpapalabas mula sa ospital;
- Malaman ang tungkol sa alinmang mga interes sa negosyo na mayroon ang mga provider sa mga serbisyong pangkalusugan kung saan maaari kang isangguni;
- Malaman ang tungkol sa anumang pinansiyal na kasunduan na mayroon ang mga provider sa mga panlabas na serbisyong pangkalusugan.

Personal na Pangangalaga. Kasama rito ang karapatan na:

- Malaman ang mga pangalan at mga ginagampanan ng mga indibidwal na nagbibigay sa iyo ng pag-aalaga at kung sino ang may pangunahing responsibilidad para isaayos ang iyong pangangalaga.
- Malaman kung aling manggagamot o Lisensyadong Independent Practitioner (LIP) ang nangangasiwa sa iyong pangangalaga sa ospital at ang mga pangalan ng ibang klinikal na tauhan na may kaugnayan sa iyong pangangalaga;
- Lumahok sa mga pagpapasiya sa pansuportang pangangalaga sa katapusan ng buhay, kasama ang, ngunit hindi limitado, sa palliative na pangangalaga, pastoral na pangangalaga at iba pang espirituwal na mga serbisyo.
- Gumawa ng isang Paunang Direktiba at pasunurin ang mga kawani ng PeaceHealth sa direktibang ito;
- Matanggap ang impormasyon tungkol sa donasyon ng mga organ, kung hihilingin;
- Personal na pagkapribado sa pagbibigay ng pangangalaga, paggalang, dignidad, at kaginhawaan at pagiging kumpidensyal ng iyong klinikal na impormasyon at mga rekord tungkol sa iyong pangangalaga;
- Para humiling ng mga restriksyon sa paggamit o pagbubunyag ng iyong protektadong impormasyon sa kalusugan;
- Humiling ng isang kopya ng iyong medikal na rekord kung saan ay maaaring may makatwirang singil at napapaloob sa isang makatwirang tagal ng panahon;
- Matanggap ang isang pagpapaliwanag ng mga gastos at impormasyon tungkol sa pinansyal na tulong;
- Magtanong tungkol sa mga singil sa iyong bill. Pakitawagan ang Patient Financial Services sa 1-877-202-3597.

Ang mga pasyente ng PeaceHealth (o mga kinatawan ng pasyente, kung naaangkop) ay responsable sa...

- Paglahok sa pagpapalano at pagpapasiya tungkol sa iyong pangangalaga sa kalusugan;
- Pagbibigay ng pinakatumpak at kumpletong nauugnay na medikal na kasaysayan hangga't maaari, mga sintomas at magkakasabay na kondisyon bago pa at habang ginagawa ang gamutan;
- Pagtatanong at pagpapabatid sa mga provider kapag ang mga sagot sa mga tanong ay hindi malinaw o hindi naintindihan o kung hindi mo masunod ang mga tagubilin o ang plano sa gamutan;
- Agarang pag-uulat ng anumang pagbabago sa iyong kalusugan, mga pag-aalala tungkol sa iyong pangangalaga at/o mga hadlang sa pagsunod sa iyong plano ng gamutan;
- Pagbibigay ng impormasyon na kailangan para matukoy ang kakayahan na magbayad para sa mga serbisyo at anumang ibang pinagkukunan ng kabayaran para sa mga serbisyo;
- Paggalang sa dignidad at karapatan ng iba;
- Paggalang sa ari-arian ng ibang tao at ng ospital;
- Kumilos sa isang kagalang-galang na paraan na pumuprotekta at nagpapanatili sa kaligtasan ng kapaligiran ng pangangalagang pangkalusugan;
- Pagsunod sa abot ng iyong makakaya sa iyong pinagkasunduang plano ng gamutan para maabot ang pinakamainam na posibleng resulta ng pangangalaga;
- Paggalang at pagsunod sa Patakaran ng PeaceHealth sa Kampus na Walang-Tabako.

Maari mong sabihin ang iyong mga reklamo o mga hinanakit tungkol sa iyong pangangalaga o mga pag-aalala sa pamamagitan ng berbal na paraan o sa sulat at magkaroon ng agarang pag-follow up. Humiling na makipag-usap sa pangunahing nars, tagapangasiwa ng departamento o kumontak sa isa sa mga miyembro ng pangkat ng PeaceHealth's Risk Management gamit ang mga numero ng telepono na ibinigay sa ibaba. Maaari ring magsampa ng isang hinanakit sa estado nang walang takot na paghigantihan.

<p>PeaceHealth Ketchikan Medical Center: (PeaceHealth Ketchikan Medical Center) 3100 Tongass Avenue Ketchikan, AK 99901 907-225-5171</p> <p>Hotline patungo sa Puso (Hotline to the Heart) 1-844-749-8817</p>	<p>Kagawaran ng Kalusugan at Sosyal na mga Serbisyo ng Alaska (Alaska Department of Health and Social Services) Health Facilities Licensing & Certification 4501 Business Park Blvd. Ste 24, Bldg. L Anchorage, AK 99503</p> <p>Markahan ng malinaw sa sobre ng "Kumpidensyal" na</p> <p>Telepono: 907-334-2483 Email: complaintcoordinator@alaska.gov</p>
---	---